4

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter

Linggo 3

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

ONE NCR STRONGER TOGETHER
BAGONG PILIPINAS
DepED MATATAG

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 4**
**Kuwarter 1: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Writer:** Mimi A. Rambayon, Lilibeth C. Laforteza, B. Bhivian A. Adaza
**Content Reviewer:** Aaron S. Enano, Editha T. Giron, Andrew E. Tan
**External Content Validator:** Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija
**External Language Validator:** ???
**Illustrator:** Leimar Padre
**Layout Artist:** Rey Miguel, Elaine Margarett U. Baguio, Albert James Macaraeg

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | **Paaralan:** | | **Baitang:** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | |

| | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Natutukoy ang mga pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang mga saligan ng lawak at hangganan ng teritoryo ng Pilipinas. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nalalaman ang kahulugan ng saligan at teritoryo. | Natutukoy ang lawak ng teritoryo ng Pilipinas ayon sa kasaysayan. | Natutukoy ang hangganan ng teritoryo ng Pilipinas ayon sa kasaysayan. | Naipaliliwanag ang pinagmulan ng teritoryo ng bansa ayon sa Saligang Batas. |
| *E. Disenyong Instruksyunal* | Key Aspect of Instructional Design<br>• Context and Creativity | | | |
| *F. 21st Century Skills* | Information, Media, and Technology Skills<br>• Visual Literacy<br>• Learning and Innovation Skills<br>• Critical Thinking | | | |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | Pambansang Teritoryo | Pambansang Teritoryo<br>Mga Teritoryo ng Pilipinas Ayon sa Kasunduan sa Paris at Washington | Pambansang Teritoryo<br>• Mga Teritoryo ng Pilipinas Ayon sa Kasaysayan<br>• Kasunduan Ayon sa Gran Britanya | Pambansang Teritoryo<br>Ayon sa Saligang Batas |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan 4 pp. 15-20 Pilipinas Bayan<br>Mo Bayan Ko , p.16-17 | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | | | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

## IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

### Bago Ituro ang Aralin

*Panimulang Gawain*

Sa nakaraang aralin, tinalakay natin ang dalawang uri ng relatibong lokasyon *ng Pilipinas.*

Ano ano ang mga bansang nasa paligid ng Pilipinas?

Ano-ano naman ang mga katubigan na nasa paligid ng Pilipinas?

Ang susunod nating tatalakayin ay ang hangganan ng pag-aari ng Pilipinas.

Sino ang gumawa ng takdang-aralin?

Ano ano ang mga nasa loob ng iyong bakuran?

Ipakita natin sa ating klase.

Maaaring magdagdag ng tanong mula sa ipakikita ng inyong mga kaklase.

Mayroon akong larawang ipakikita sa inyo.
Suriin ito nang mabuti.

Sino-sino kaya ang mga nasa larawan?



*Image Source: Balitambayan.Ang Pagtatapos ng DigmaanPilipinoAmerikano.https://www.google.com/search.h?q=kastila+sa+pilipinas&tbm=*

Sirit na? Ayusin ang mga letra.
**yolespan**

sagot : **espanyol**

Balikan natin ang nakaraang aralin, mga bata.

Unahan kayo sa pagsagot. Ilagay lamang sa tamang hanay ang mga salitang mapipili ninyo sa kahon.

| Kasunduan sa Paris | Kasunduan sa Washington |
|---|---|
| | |
| | |

A. 10 Disyembre 1898
B. Halagang $20,000,000
C. Nobyembre 7, 1900
D. Cagayan Sulu, Tawi-Tawi

Magandang araw, mga bata. Bago natin talakayin ang ating aralin, maglaro muna tayo.

Ito ay ang…

Pinoy Henyo:
*Buddy system*

Pipili sila ng kanilang magiging kapares.


Mayroong taga-hula at taga-patnubay.
Ang taga-patnubay ay sasagot lang ng oo o hindi.

Bubunot ang taga- hula ng salita sa kahon na inihanda ng guro.

Halimbawa:
Paris (sasabihin ng tagahula):
Nilagdaan noong Nov 7.
(Hindi) Magbibigay siya ng iba pang paglalarawan sa Paris hanggang sa mahulaan ang salitang Paris.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>*Image source: https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Ko ppen-Geiger_Map_Southeastern_Asia_present.svg.*<br><br>Suriin ang mapa, nasaan ang Pilipinas?<br><br>Ipatuturo sa mga bata.<br><br>Maaaring gumamit ng iba pang mapa ng Timog Silangang Asya | Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa kanila? Ano ang pinakamahalagag pamana nila sa atin?<br><br>Sino naman ang mga ito? Ayusin ang letra **nokarimea**<br><br>**<u>sagot: Amerikano</u>**<br><br><br>*Image source: Retrievefrom:https://www.google.com/search?g=americanong+dayuhan* | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Dito mag-uumpisang hawiin ang balakid<br><br>Ipakita ang larawan. | Ang ating pag-aaralan ngayon ay may kaugnayan sa mga nasa larawan.<br><br>Ang mga Kastila at mga Amerikano | Mga bata, sino sa inyo ang makapagtuturo sa mapa ng tinatawag na Turtle Islands o Tawi Tawi sa mapa? | Balitaan tayo:<br><br>Nakita at narinig na ba ninyo ang tungkol sa isyu ng Spratly Islands?<br><br>Ano ang isyu o pinag-uusapan tungkol dito? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *"Mga bata pagmasdan ang larawan."*<br><br>1. Ano–ano ang mga nasa loob ng nasasakupang bakod o bakuran?<br><br><br><br>*Retrieve from:*<br>*[http://buhaypinoynoon.blogspot.com/2008/08/family-in-front-of- their-nipa-hut.html](http://buhaypinoynoon.blogspot.com/2008/08/family-in-front-of-their-nipa-hut.html)*<br><br>*(maaring sagot: bahay, puno ng niyog, tao sa loob)*<br>2. Saan kaya ang hangganan ng teritoryo ng may-ari? | Anong bansa ang mapang ito?<br><br>Image Source:<br>*Retrieve from:*<br>*[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Labelled_map_of_the_Philippines_-_Provinces_and_Regions.png](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Labelled_map_of_the_Philippines_-_Provinces_and_Regions.png)*<br><br>Pamprosesong mga Tanong<br>Ano-ano ang mga malalaking pulong bumubuo sa ating bansa? (Luzon, Visayas, at Mindanao)<br><br>Saang pulo tayo nabibilang? bansa?<br>Ilang pulong malalaki ang bumubuo sa ating bansa?<br><br>Buoin ang pangalan ng ating bansa. Sa bawat pantig ay may katumbas na bilang sa ibaba.<br><br>PI NAS LI PI<br>7 1 6 4 | <br>*retrieved from:*<br>*[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Secwepemc%C3%BAl%27ecw_on_Turtle_Island.png](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Secwepemc%C3%BAl%27ecw_on_Turtle_Island.png)*<br><br>*Tutulungan ang mga mag-aaral kung hindi nila makita.*<br><br>*Alam ba ninyo na ang mga lugar na ito ay hindi bahagi ng teritoryo ng ating bansa noon? Iyon ang ating tatalakayin ngayon.* | Isyu tungkol sa Pilipinas at China<br><br>Itatala ng guro sa pisara ang mga mahahalagang sagot ng mag-aaral. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Kung ikaw ay may sariling bahay, ano ang gagawin mo para malaman mo ang hangganan ng iyong bahay at bakuran?<br>4. Mahalaga bang malaman ang hangganan ng iyong bahay at bakuran? Bakit? | Ang tamang sagot ay 7,641 | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Babasahin ng mga bata:<br>/ *popcorn style*<br>/ *model reading.*<br><br>Ang ***teritoryo*** ay isang lugar na *limitado sa ilalim ng pag- aar*i ng isang tao o grupo, isang samahan o isang institusyon | Ang pag-aaralan natin ngayon ay tungkol sa mga kasunduan o nagkaisang pangyayari tungkol sa teritoryo ng ating bansa.<br><br>Basahin natin mga bata.<br><br>Mga Kasunduan Tungkol sa Teritoryo ng Pilipinas Ayon sa Kasaysayan | Salitang pagbasa/Isahan:<br>Kasunduan ng United States at Gran Britanya na nilagdaan noong Enero 2, 1930. Nilalaman nito kung saan gumawa ng 10 bagong linya na naghahati sa hilagang Borneo at teritoryo ng Pilipinas. Isinasaad ng kasunduang ito na ang Turtle islands (Tawi tawi) at Mangsee ay bahagi ng Balabac na isla na bahagi rin | Sino ang pinakamataas na namumuno sa ating bansa?<br><br>Ano kaya ang ginagawa ng Pangulo ng isang bansa?<br><br>Ang mga pangulo ng bansa ay mayroon din responsibilidad tungkol sa mga batas na nagawa sa ating bansa. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Isang elemento ng isang estado na tumutukoy sa lupang tirahan at nasasakupan kabilang ang mga katubigan at himpapawirin na sakop nito.<br><br>Ang ***estado*** ay isang uri ng kaayusan ng pamahalaan na binubuo ng isang pamayanang pampolitika na nakatira sa ilalim ng isang sistema ng pamahalaan. | Ang **Kasunduan sa Paris**, na nilagdaan noong ika-10 ng Disyembre 1898, ay ang nagtapos ng Digmaang Espanyol-Amerikano. Nakasaad sa kasun-duan ang pagpapalaya sa bansang Cuba, ang paglilipat ng pamumuno sa Estados Unidos sa mga bansang Portoriko at Guam, at ang pagbili sa Pilipinas mula sa Espanya sa halagang $20,000,000 ng Estados Unidos.<br><br>Ang Pilipinas ay nasa pamamahala ng mga Kastila nang mahigit 300 taon.<br><br>Kasunduan sa Washington<br><br>**Ang Kasunduan sa Washington** ng 1900 ay nilagdaan noong Nobyembre 7, 1900, at nagkaroon ng bisa noong Marso 23, 1901, nang ang pagpapatibay ay nagpalitan. Sinusuko ng Espanya sa Estados Unidos ang lahat ng titulo at mga pag-angkin sa titulo at sa lahat ng mga pulo o | ng pulo ng Palawan.<br><br>Mula sa binasa ninyo, ating suriin kung ano ang nilalaman ng Kasunduan na ito.<br>1. Kailan naganap ang paglagda sa kasunduan na ito?<br>2. Sino-sino ang mga nakibahagi sa kasunduan na ito?<br>3. Ano ang nilalaman ng kasunduan na ito? | Ating alamin at basahin ang tungkol sa Atas ng Pangulo Blg. 1596 (Hunyo 11, 1978).<br><br>Ang pulo ng Kalayaan, na nabibilang sa lalawigan ng Palawan, ay may layong 423 kilometers mula sa pinakamalapit na kalupaan ng Pilipinas na matatagpuan sa Bataraza, Palawan. Ang distansyang ito ay nakuha mula sa paggamit ng Google Earth.<br><br>**Paliwanag:**<br>Ayon sa Presidential Decree o Atas pangulo No. 1596, s. 1978 na pinirmahan ni dating pangulong Ferdinand Marcos, kikilalanin ang mga pulo ng Spratlys bilang Kalayaan Group of Islands, at mapapasailalim ito sa lalawigan ng Palawan. Nais ni dating Pangulong Marcos na magkaroon tayo ng mas malawak pang mga teritoryo.<br><br>Ang **Kalayaan Group of Islands O Spratly Islands** (na kilala sa Pilipinas) ang sanhi ngayon ng isang malaking maritime dispute sa Kanlurang Dagat ng |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **MGA KAHULUGAN SA TAGALOG.** **salígan**: batayán. salígang-batás: konstitusyón | isla na kabilang sa Arkipelago ng Pili-pinas. Namamalagi sa labas ng linya na inilarawan sa Artikulo III ng Kasunduan at lalo na sa mga pulo ng Cagayan Sulu,Taw i-tawi at Sibutu at kompromiso ng Arkipelago bilang ganap na para sila ay kasama sa loob ng mga linya. | | Pilipinas. Bukod sa Tsina, marami pang bansa ang nais kunin ang mga islang ito, kagaya ng Malaysia, Indonesia, Brunei, Vietnam, at Taiwan. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Mula sa binasa ninyo, ating suriin natin kung ano ang ibig sabihin ng mga sumusunod: Gabayan ang mga bata. 1. **Teritoryo** Napag-aralan ninyo na ang isa sa mga elemento ng bansa ay teritoryo. | Tatalakayin natin ang nilalaman ng dalawang kasunduan na ito. Ang mga ito ay may malaking ginagampanan sa kasay-sayan ng bansa tungkol sa teritoryo ng ating bansa. Isa isahin natin ang nilalaman ng Kasunduan sa Paris (Treaty of Paris). Sino-sino ang namamagitan sa usapin ito? 1. Ano ang tumapos ng Digmaang Espanyol-Amerikano? Kasunduan sa Paris | Mula sa binasa ninyo, ating suriin kung ano ang nilalaman ng Kasunduan na ito. 1. Kailan naganap ang paglagda sa kasunduang ito? 2. Sino-sino ang mga nakibahagi sa kasunduang ito? 3. Ano ang nilalaman ng kasunduang ito? | Ating uunawain kung ano ang nilalaman ng Atas ng Pangulo Blg.1596 ( Hunyo 11,1978 1. Sinong Pangulo ang lumagda sa Atas ng Pangulo bilang 1596 noong Hunyo 11, 1978? 2. Bakit kaya pinag-aagawan ang mga islang ito? 3. Ano-ano ang mga bansang pilit na inaangkin ang mga islang ito? |




DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mula sa iyong binasa, ano ang ibig sabihin ng teritoryo?<br>*(sasabihin ng mga bata*<br>*-lupang titirhan..*<br>*(patnubayan ang mga bata na ang Pilipinas ay halimbawa ng lugar na tinitirhan)*<br><br>2. **Estado**<br>Ano ang estado? Ano ang pamahalaan?<br><br>*Gabayan ang mga bata na ang Pilipinas ay may pamahalaan o estado.*<br><br>3. Ano ang ibig sabihin ng Saligan? Sagot-batayan<br><br>*Gabayan ang mga mag-aaral na ang mga batas ay may mga batayan at mga dahilan kung paano ito* | Mga bata matagal na may alitan o digmaan ang Amerika at Espanyol noong unang panahon.<br><br>2. Kailan naganap ang usapin ng Kasunduan sa Paris?<br>Nilagdaan noong ika-10 ng Disyembre 1898.<br><br>3. Ano ang nilalaman ng Kasunduan sa Paris?<br>Ang pagbili sa Pilipinas mula sa Espanya sa halagang $20,000,000 ng Estados Unidos.<br><br>Isusunod naman natin ang Kasunduan sa Washington.<br><br>1. Sino-sino ang namamagitan sa usapin ito?<br>2. Kailan naganap ng usapin ito? | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *isinasagawa.*<br>Halimbawa:<br>Bawal magnakaw<br>dahil ito ay labag sa batas at ikaw ay maaaring makulong bilang kaparusahan. | Nobyembre 7, 1900 at nagkaroon ng bisa noong Marso 23, 1901<br>3. Ano ang nilalaman ng kasunduang ito?<br>Isinuko ng Espanya sa Estados Unidos ang lahat ng titulo at mga pag-angkin sa titulo lalo na sa mga pulo ng Cagayan Sulu, Tawi-tawi at Sibutu. | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Tingnan natin kung naiintindihan ninyo ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.<br><br>Punan ng tamang salita ang bawat patlang para mabuo ang kaisipan.<br><br>Piliin sa ibaba ang tamang sagot. | Pangkatin ang mga bata at ipagawa ang sumusunod:<br><br>Ang bawat pangkat ay sasagot ng mga tanong sa loob ng diagram/concept map.<br><br>I. Pagkatapos, iuulat ng lider ang sagot ng grupo<br><br>Pangkat Paris | Para malaman kung may natandaan ang mga bata:<br><br>Punan natin ng tamang salita ang bawat patlang.<br><br>Ang Kasunduan _____ay nilagdaan noong _____Ito ay tungkol sa . _____Napakahalaga ng kasunduang ito dahil ____ .<br><br>Sagot:<br>1. Kasunduan ng US at Gran Britanya<br>2. Noong Enero 2, 1930<br>3. Isinasaad ng kasunduan ito na ang Turtle islands (Tawi | Para mas matandaan at mapahalagahan natin ang nilalaman ng atas ng pangulo, buoin natin ang talata sa ibaba.<br><br>Ayon sa Atas ng <u>Pangulo</u> (1) _____________na pinirmahan ni dating (2)__, kinilala ang mga pulo ng Spratlys bilang _____ (3) at napasailalim ito sa lalawigan ng Palawan, na nilagdaan noong <u>(4)</u> _____.<br><br>(Sagot:<br>1. No. 1596, s. 1978;<br>2. Pangulong Ferdinand Marcos Sr.; |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Ang ______ay isang elemento ng isang Estado na tumutukoy sa _____ at nasasakupan nito.<br>a. lupang tirahan<br>b. teritoryo<br>c. batayan sagot: teritoryo, lupang tinitirhan<br><br>2. Ano ang kasingkahulugan ng salitang teritoryo ayon sa binasa?<br>a. likas yaman<br>b. nasasakupan<br>c. batayan<br><br>3. Ano ang ibig sabihin ng limitado sa ilalim ng pag-aari?<br>a. lahat ng gusto ay maaaring bahagi ng teritoryo<br>b. kung ano ang nakasaad sa batas ay iyo | (unang bilog) mag-umpisa sa kaliwa<br><br>Ilagay lahat ang mga mahahalagang detalye tungkol sa Kasunduan sa Paris<br><br>Pangkat Washington (ikatlong bilog)<br><br>Ilagay lahat ang mga mahahalagang detalye<br><br>tungkol sa Kasunduan sa Washington.<br><br>Sa gitna, parehong pangkat ang magbibigay ng pagkakapareho ng dalawang kasunduan<br><br>(Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bilog sa gitna na mahalaga dahil saligan batayan ito ng teritoryo ng bansa) | tawi) at Mangsee ay bahagi ng Pilipinas.<br>4. Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral. | 3. Kalayaan Group of Islands;<br>4. Hunyo 11, 1978) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | lamang pag-aari ng isang lugar | | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br><br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Mapping: Ipaliwanag ang kahulugan ng teritoryo:<br><br>Sagot<br>*Gabayan ang mga bata..*<br><br>*Ang teritoryo ay* tumutukoy sa sukat ng lupaing sakop ng isang lugar, kasama rito ang mga katubigan na nakpaloob at nakapaligid sa kalupaan at ang mga himpapawirin nito. | Basahin natin ang mga pangungusap.<br><br>Iguhit ang ***happy face*** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at ***sad face*** kung hindi.<br><br>Pangatwiranan ito kung bakit mali.<br><br>1. Ang Kasunduan sa Paris noong 1900 ay pag-angkin sa titulo lalo na sa mga pulo ng Cagayan Sulu, Tawi tawi at Sibutu.<br><br>*(Mali dahil kasunduan sa Washington)*<br><br>1. Ang Kasunduan sa Paris ay ang pagbili ng Espanya sa Pilipinas mula sa mga Amerikano sa halagang 10,000 dolyar.<br><br>(Mali dahil ipinag- benta ng Espanya ang Pilipinas sa halagang 20,000,000 dolyar sa mga Amerikano.) | Ibigay ang kahalagahan ng Kasunduan ng US at Gran Britanya.<br>Pagmasdang mabuti ang mga islang ito.<br><br>*Maaaring gamitin ng guro ang mga inilahad na mga larawanng Turtle Island at Mangsee.*<br><br>1. Ilarawan ang kanilang pisikal na anyo.<br>2. Sa palagay ninyo, mayaman sa anong bagay ang mga islang ito?<br><br>Ano ang maitutulong nito sa mga mamamayan? Sa ating bansa lalo na sa ekonomiya? | Bakit nilagdaan ni Pangulong Ferdinand Marcos ang Atas ng Pangulo bilang 1596?<br><br>Bakit kaya pinag-aagawan ng mga karatig na bansa ang Kalayaan Group of Islands?<br><br>Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapahalagasa mga lugar na ito?<br><br>*(Maaaring gabayan ang mga mag-aaral...gumawa ng flyers, guhit, ivlog at iba pa)* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Pagkatapos Ituro ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Tingnan natin kung naintindihan ninyo ang ating aralin sa araw na ito. Sagutin natin ang mga tanong.<br><br>1. Ano ang teritoryo?<br>2. Ano ang iba pang kahulugan ng saligan?<br>3. Bakit kinakailangan na may limitasyon o hangganan ang teritoryo? | 1. Ano ang nilalaman ng Kasunduan sa Paris?<br>2. Ano ang nilalaman ng Kasunduan sa Washington?<br>3. Ano ang kahalagahan ng dalawang kasunduang ito? | 1. Ano ang nilalaman ng Kasunduan ng US at Gran Britanya?<br>2. Bakit tinawag na Turtle Islands ang isla sa Tawi-tawi?<br>3. Kung ikaw ay nakatira roon, paano mo mapapahalagahan ang magandang islang ito? | Ano ang nilagdaan ni Pangulong Marcos na Atas noong Hunyo 11,1978? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Piliin ang tamang kahulugan ng teritoryo at ipaliwanag.<br><br>A. Ang teritoryo ay tumutukoy sa sukat ng lupaing sakop ng isang lugar.<br>B. Ang teritoryo ay isang elemento ng isang estado na tumutukoy sa lupang tirahan at nasasakupan | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written | Maikling pagsusulit (optional) Oral /written |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nito kung saan kinukuha ang mga likas na yaman na kailangan ng mga mamamayan. | | | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | *Optional:* Sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga magu-lang o nakatatanda sa inyong bahay, iguhit ang kabuoang teritoryo o nasasakupan ng inyong bahay. | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph